



Setyembre 29, 2023

PARA SA: Lahat ng Mga Deputado, Mga Hepe ng Dibisyon, Mga Opisyal ng Kawani, Mga Opisyal ng Kalusugan ng Distrito, at Mga Administrador ng Mga Kaakibat na Ahensya

MULA KAY: Kenneth S. Fink, M.D., M.G.A., M.P.H.
Direktor ng Kalusugan

PAKSA: Mga Pamamaraan ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Hindi Empleyado

SAKLAW:

Lahat ng mga dibisyon, mga sangay, at mga programang nakatalaga sa loob ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Hawai'i, kabilang ang administratibong nakaakibat na mga ahensya (HDOH).

LAYUNIN:

Nagpapatnubay ang mga pamamaraang ito para sa lahat ng mga reklamong inihain sa ilalim ng Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964, Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973, ang Batas sa may mga Kapansanang Amerikano (Americans with Disabilities Act, ADA) ng 1990, na inamyendahan ng Batas sa mga Pagamyenda ng ADA ng 2008, 45 C.F.R. Bahagi 84 (Walang diskriminasyon Batay sa Kapansanan); ang Batas sa Edad ng Diskriminasyon ng 1975, Seksyon 13 ng Pederal na Batas sa Pagkontrol ng Polusyon sa Tubig ng 1972, at Titulo IX ng mga Pag-amyenda ng Edukasyon ng 1972, 40 C.F.R. Bahagi 7, at anumang iba pang naaangkop na batas ng pederal o estado (ang "Mga Batas"), dahil nauugnay ang mga ito sa anumang programa o aktibidad na pinangangasiwaan ng HDOH, o mga konsultant, kontratista at vendor nito. Bilang karagdagan sa mga pamamaraang ito, mayroong karapatang maghain ng pormal na reklamo ang mga nagrereklamo sa ibang mga ahensya ng Estado o Pederal o humanap ng pribadong tagapayo para sa mga reklamong nag-aakusa ng di-umano'y diskriminasyon.

Dapat hindi pigilan, labis na hadlangan, o gambalain ng mga pamamaraang ito ang HDOH mula sa pagsasagawa ng mga tungkuling administratibo o pang-regulasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagpapahintulot, paggawa ng panuntunan o pagpapatupad ng mga operasyon. Hindi nalalapat ang mga pamamaraang ito sa mga desisyon o aksyon sa pag-empleyo ng kagawaran. Hindi pinapalitan o gumagana ang mga pamamaraang ito bilang kapalit ng batas ng mga karapatan ng apela na inilaan para sa mga batas sa pagkontrol ng HDOH.

Ina-update ng mga Pamamaraan sa Reklamo sa Diskriminasyon ng Hindi Empleyado na ito ang patakaran at mga pamamaraan, kabilang ang mga form ng reklamo, kung saan dapat maresolba ng HDOH ang lahat ng mga reklamo sa diskriminasyon ng

hindi empleyado na inihain sa Kagawaran. Ipinapawalang-bisa nito ang anumang at lahat ng mga naunang pamamaraan ng reklamo sa diskriminasyon ng hindi empleyado at mga form ng reklamo.

SEKSYON I. ABISO SA WALANG DISKRIMINASYON

Ilalagay ang Abisosa Walang Diskriminasyon sa Hindi Empleyado sa isang kitang-kitang lugar kung saan pinapahintulutan ang publiko (hal., silidhintayan, tanggapang-dako, atbp.), at sa website ng HDOH. Bibigyan ng kopya ng Abiso ang sinumang humihiling ng Abiso, sa isang format na makatwirang magagawa (hal., elektroniko, papel, email, atbp.).

SEKSYON II. PAMAMARAAN SA PAGSUMITE NG MGA REKLAMO SA DIKRIMINASYON

- A. Nalalapat ang patakarang ito sa mga hindi empleyadong apektado sa mga desisyong ginawa ng mga programa ng HDOH. Sinumang hindi empleyadong may mabuting loob na naniniwalang nadiskrimina siya ng HDOH, batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, o anumang iba pang uri na protektado sa ilalim ng nalalapat na batas ng pederal o estado, o tinakot o ginagantihan dahil sa paggamit ng kanyang mga karapatan, ay maaaring magsumite ng nakasulat na reklamo sa Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH sa 1250 Punchbowl Street, Floor 3, Honolulu, Hawaii 96813. Isinama ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon bilang Kalakip A at magagamit din on-line sa: <http://health.hawaii.gov>.
- B. Dapat maihain ang mga pormal na reklamo sa loob ng siyamnapung (90) araw ng kalendaryo ng pinakahuling insidente ng nag-aakusang diskriminasyon umano, o ang petsa kung kailan nalaman ng (mga) nagrereklamo ang nag-aakusang diskriminasyon umano, o kung saan nagkaroon ng nagpapatuloy na paggawi, ang petsa sa kung kailang itinigil ang paggawi o ang pinakahuling pangyayari ng paggawi.
- C. Dapat nakasulat ang mga reklamo at nilagdaan ng (mga) nagrereklamo, maliban kung ang kapansanan ng nagrereklamo ay pumipigil sa kanya na maghain ng nakasulat na reklamo, kung gayon, maaaring isumite ang reklamo nang pasalita dahil sa mga pangangailangan ng kapansanan ng indibidwal (hal., personal na panayam, pag-rekord ng tape, atbp.). Dapat kabilang sa reklamo ang:
1. Ang impormasyon sa kontak ng nagrereklamo, kabilang ang pangalan at apelyido, address, lungsod, estado, zip code, numero ng telepono, at e-mail address (kung naaangkop);
 2. Kung may kinatawan ang nagrereklamo, at kung gayon, ang impormasyon sa kontak ng kinatawan, kabilang ang pangalan at apelyido, address, lungsod, estado, zip code, numero ng telepono, at e-mail address (kung naaangkop);
 3. Pagkilala sa protektadong klasipikasyon kung saan nakabatay ang sinasabing paglabag umano;
 4. Malinaw na Pagkakakilanlan ng mga diumanong partido na gumawa ng nag-aakusang aktibidad ng diskriminasyon umano, kabilang ang dibisyon, sangay, o programa na laban sa reklamo, kung alam;

5. Isang espesipiko at isang detalyadong paglalarawan ng paggawi na itinuturing ng nagrereklamo bilang diskriminasyon;
6. Ang petsa ng nag-aakusang aktibidad ng diskriminasyon umano, o ang hanay ng petsa (kabilang ang pinakahuling petsa) kung nagresulta ang nag-aakusang aktibidad ng diskriminasyon umano mula sa isang nagpapatuloy na paggawi; at
7. Isang espesipikong paglalarawan ng anumang masamang epekto na umano'y naganap o magaganap; at
 - a. Ihahatid ang reklamo sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH, sa 1250 Punchbowl Street, Third Floor, Honolulu, Hawaii 96813, o sa pamamagitan ng email sa doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov. Dapat ipapadala ang mga na-fax na reklamo sa (808) 586-4368.
 - b. Sa mga pagkakataon kung saan hindi makapagsumite ng nakasulat na reklamo ang nagrereklamo, o nangangailangan ng tulong sa paghahain ng reklamo dahil sa limitadong kasanayan sa Ingles o kapansanan, ngunit hinihiling na imbestigahan ng HDOH ang di-umano'y labag sa batas na diskriminasyon, maaaring magsumite ang nagrereklamo ng pasalitang reklamo sa Koordinador ng Walang Diskriminasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng pangunahing tanggapan ng HDOH: (808) 586-4400.
 - c. Isusulat ang mga natanggap na paratang sa pamamagitan ng telepono at ipapasa sa (mga) nagrereklamo para sa kumpirmahin o rebisahin, lagdaan at ibalik para sa pagproseso. Dapat pasundan ng nakaimprentang kopya ng fax o email na reklamo ang mga paratang na natanggap sa pamamagitan ng fax o email na may orihinal na (mga) lagda. Tatanggapin ang mga reklamo sa telepono, na-fax, at na-email ngunit hindi mapoproseso hanggang sa matangaap ang nakasulat na reklamo (nakumpirma o narebisa at nalagdaan ng nagrereklamo) ng Koordinador ng Walang Diskriminasyon.
 - d. Sa sandaling hiniling, magbibigay ang HDOH ng tulong sa pagsasalin nang walang bayad para sa mga nagrereklamo na may limitadong kasanayan sa Ingles. Maaari ding makakuha ang isang nagrereklamo na may limitadong kasanayan sa Ingles ng tulong mula sa ibang tao sa pagtapos ng form ng Reklamo, ngunit dapat na lagdaan at kumpirmahin ng nagrereklamo ang form.
 - e. Kikilalanin ng HDOH ang pagtanggap ng reklamo sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng reklamo. Rerepasuhin ng Koordinador ng Walang Diskriminasyon ang form ng reklamo para matukoy ang hurisdiksyon at beripikahin ang layunin ng nagrereklamo na ipagpatuloy ang reklamo.

- f. Sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo ng pagkilala sa pagtanggap ng Reklamo, aabisuhan ng HDOH ang nagrereklamo kung ginagarantiyahan ng mga katotohanan ang HDOH na magsagawa ng buong imbestigasyon sa mga paratang. Kung ginagarantiyahan, bibigayan ng HDOH ng karagdang pagpapayo ang nagrereklamo kung magsagawa ang HDOH ng buong imbestigasyon, o kung ipapasa ang Reklamo sa ibang ahensya para sa imbestigasyon.
- g. Hindi nananakot, nagbabanta, namumuwersa, o nagtatangi ang HDOH laban sa sinumang indibidwal o grupo para sa layuning panghihimasok sa anumang karapatan o pribilehiyong ginagarantiya sa ilalim ng mga pederal na batas laban sa diskriminasyon, o dahil naghain ang isang indibidwal ng reklamo o nagpatotoo, tumulong, o lumahok sa anumang paraan sa isang imbestigasyon, paglilitis, o pagdinig na may kaugnayan sa mga pederal na batas laban sa diskriminasyon, o sumalungat sa anumang nakasanayang ginawang labag sa batas ng mga pederal na batas laban sa diskriminasyon. Hindi dapat gumanti, manakot, magbanta, mamuwersa, o magdiskrimina ang mga empleyado ng HDOH laban sa isang indibidwal o grupo para sa layuning manghihimasok sa anumang karapatan o pribilehiyong ipinagkaloob ng Mga Batas, o dahil naghain ang isang indibidwal ng reklamo o nagpatotoo, tumulong, o lumahok. sa anumang paraan sa imbestigasyon sa ilalim ng patakarang ito o sumalungat sa anumang nakasanayang ginawang labag sa batas ng Mga Batas, at hindi rin papahintulutan ng HDOH ang mga naturang aksyon. Isang seryosong paglabag ang paghihiganti sa patakarang ito at dapat isumbong kaagad sa Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH.
- h. Para humiling ng wika o kakayahang ma-access para sa pagtapos ng form ng reklamo, pakikontak ang Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH sa (808) 586-4400 o email: doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov. Mangyaring magbigay ng sapat na oras para matugunan ng HDOH ang mga hinihiling na tulong.
- i. Para sa mga reklamo sa empleyado ng Kagawaran ng Kalusugan ng Hawai'i, pakikontak ang: Opisina ng Human Resources ng HDOH (HDOH Human Resources Office) sa (808) 586-4520 o mag-email sa: doh.hroeeo-ra@doh.hawaii.gov.

SEKSYON III. PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMO SA DISKRIMINASYON NA KINASASANGKUTAN NG HDOH

- A. Sa pagpapasya ng HDOH, maaaring ipadala ang mga reklamo sa diskriminasyon laban sa HDOH sa isang naaangkop na delegado ng Koodinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH, kabilang ang isang ahensyang third-party para humiling ng tulong sa imbestigasyon.

B. Mayroong isang daan at walumpung (180) araw ng kalendaryo ang Koodinador o delegado ng Walang Diskriminasyon ng HDOH para imbestigahan ang reklamo, maliban kung natukoy na batay sa pagiging kumplikado ng reklamo na kinakailangan ng karagdagang panahon. Kung matukoy na kinakailangan ng karagdagang panahon para sa pagpapalabas ng nakasulat na desisyon, susulatan ang nagrereklamo tungkol sa tinukoy na bilang ng mga araw kung saan papalawigin ang pagtatasa ng reklamo.

C. Ang “Kahigtan ng Ebidensya” ay ang pamantayan kung saan dapat patunayan ang mga reklamo sa diskriminasyon ng hindi empleyado. Inaaatas ng pamantayang ito na, para sa isang natuklasang diskriminasyon, dapat magpakita ang ebidensya at testimonya na ito ay mas malamang kaysa sa hindi (iyon ay, higit sa 50% na malamang) na nagdulot ng pinsala ang HDOH dahil sa isang aksoyn ng diskriminasyon.

D. Kung kailangan ng karagdagang impormasyon para maresolba ang kaso, maaaring kontaking ng Koordinador o delegado ng Walang Diskriminasyon ng HDOH ang (mga) nagrereklamo. Mayroong hindi lalampas sa tatlung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkontak ang (mga) nagrereklamo para magpadala ng anumang hiniling na impormasyon sa Koordinador o delegado ng Walang Diskriminasyon ng HDOH na nakatalaga sa kaso. Kung hindi kokontakin ng (mga) nagrereklamo ang Koordinador o delegado ng Walang Diskriminasyon ng HDOH o hindi nakatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa (mga) nagrereklamo sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo, maaaring administratibong isasara ng Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH ang kaso. Maaari ding administratibong maisara ang isang kaso kung hindi na gustong ituloy ng (mga) nagrereklamo ang kaso niya.

E. Pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon, aabisuhan ang mga partido tungkol sa resulta. Dapat ilabas ang isang liham na nagbubuod ng mga natuklasan ng imbestigasyon, at kung mayroon mang paglabag o wala sa patakaran ng walang diskriminasyon ng HDOH. Sa mga pagkakataon kung saan walang natuklasan, ipagbibigay-alam sa mga partido ang tungkol dito at na sarado na ang kaso. Sa mga kaso kung saan lumilitaw na may paglabag, dapat ipaalam sa mga partido na dapat isagawa ang nararapat na aksyon para matiyak na titigil ang di-umano'y (mga) pagkilos ng diskriminasyon. Dapat aabisuhan ang mga nagrereklamo tungkol sa kanilang karapatan na ituloy ang iba pang paraan ng pagdulog.

F. Maaaring maghain ng reklamo ang isang nagrereklamo na hindi nakuntento sa desisyon ng Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH sa Komisyon ng Mga Karapatang Sibil ng Hawai'i sa (808) 586-8636, o sa pamamagitan ng pag-email sa DLIR.HCRC.INFOR@hawaii.gov.

SEKSYON IV. PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMO SA DISKRIMINASYON NA KINASASANGKUTAN NG MGA SUBRECIPIENT NG HDOH

A. Iimbestigahan ng HDOH ang mga reklamo ng diskriminasyon laban sa mga subrecipient nito (ibig sabihin, mga konsultant, vendor, at kontratista).

B. Para sa mga reklamo ng diskriminasyon na ihahain laban sa mga subrecipient ng HDOH (ibig sabihin, mga konsultant, vendor, at kontratista) gagampanan ng HDOH ang hurisdiksiyon at mag-iimbestiga at tutukoy sa kaso.

C. Dapat sundin ng HDOH ang mga hakbang na isinaad sa Seksyon III, PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMO SA DISKRIMINASYON NA KINASASANGKUTAN NG HDOH.

SEKSYON V. PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMO NG DISKRIMINASYON NG AHENSYA NG THIRD-PARTY

A. Sa pagpapasya ng HDOH, maaaring maipagawa ang mga reklamo sa diskriminasyon laban sa HDOH sa ahensya ng third-party (TPA) para sa tulong sa imbestigasyon. Kung ginagamit ang TPA, pinananatili ng HDOH ang responsibilidad para sa proseso ng karaingan.

B. Tutukuyin at aabisuhan ng Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH ang isang TPA ng reklamo sa diskriminasyon na inihain laban sa HDOH sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras o tatlong (3) araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang reklamo. Susundin ng TPA ang mga pamamaraan ng reklamo ng HDOH para sa pag-iimbestiga ng reklamo.

C. Para sa mga reklamo sa diskriminasyon na inihain laban sa HDOH na isinangguni at tinanggap ng TPA, Mayroong isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo ang HDOH para maimbestigahan ang reklamo, maliban kung natukoy na batay sa pagiging kumplikado ng reklamo na kinakailangan ng karagdagang panahon. Kung matukoy na kinakailangan ng karagdagang panahon para sa pagpapalabas ng nakasulat na desisyon, magbibigay ang HDOH ng tinukoy na bilang ng mga araw kung saan papalawigin ang pagtatasa ng reklamo nang nakasulat sa nagrereklamo.

D. Ang "Kahigtan ng Ebidensya" ay ang pamantayan kung saan dapat patunayan ang mga reklamo sa diskriminasyon ng hindi empleyado. Inaaatas ng pamantayang ito na, para sa isang natuklasang diskriminasyon, dapat magpakita ang ebidensya at testimonya na ito ay mas malamang kaysa sa hindi (iyon ay, higit sa 50% na malamang) na nagdulot ng pinsala ang HDOH dahil sa isang aksoyng ng diskriminasyon.

E. Kung kinakailangan ng karagdagang impormasyon para maresolba ang kaso, maaaring kontakin ng TPA ang (mga) nagrereklamo. Mayroong hindi lalampas sa tatlung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkontak ang (mga) nagrereklamo para magpadala ng anumang hiniling na impormasyon sa imbestigador na nakatalaga sa kaso. Kung hindi kinontak ng (mga) nagrereklamo ang imbestigador o hindi nakatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa (mga) nagrereklamo sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo, aabisuhan ng TPA ang HDOH at maaaring administratibong isara ng HDOH ang kaso. Maaari ding administratibong maisara ang isang kaso kung hindi na gustong ituloy ng (mga) nagrereklamo ang kaso niya.

F. Pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon at nirepaso at pinagtibay ng HDOH ang ulat ng imbestigasyon, maglalabas ang HDOH ng isang liham na nagbubuod sa mga natuklasan sa imbestigasyon, at kung mayroong mang paglabag o wala sa patakaran ng walang diskriminasyon ng HDOH. Sa mga pagkakataon kung saan walang natuklasan, aabisuhan ng HDOH ang nagrereklamo tungkol dito at na sarado na ang kaso. Sa mga kaso kung saan lumilitaw na may paglabag, aabisuhan ng HDOH ang nagrereklamo na isasagawa ang nararapat na aksyon para matiyak na titigil ang di-umano'y (mga) pagkilos ng diskriminasyon. Dapat aabisuhan ang mga nagrereklamo tungkol sa kanilang karapatan na ituloy ang iba pang paraan ng pagdulog.

G. Maaaring maghain ng reklamo ang nagrereklamong hindi nakuntento sa desisyon ng HDOH sa Komisyon ng Mga Karapatang Sibil ng Hawai'i sa (808) 586-8636, o sa pamamagitan ng email sa DLIR.HCRC.INFOR@hawaii.gov.

SEKSYON VI. FORM NG REKLAMO

Nakalakip bilang eksibit ang form ng Reklamo sa Diskriminasyon na Hindi Empleyado. Pakisumite ang form na ito para sa Mga Reklamo ng Hindi Empleyado nang personal o sa address sa ibaba, o ipadala ang form na ito sa:

Hawai'i State Department of Health
Non-Discrimination Coordinator
1250 Punchbowl Street, Third Floor
Honolulu, HI 96813
Telepono: (808) 586-4400
Email: doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov

Maaari ding matagpuan online ang form ng reklamo sa walang diskriminasyon sa:
<http://health.hawaii.gov>

Nakatuon sa pagbibigay ng makabuluhang pag-access ang Kagawaran ng Kalusugan ng Hawaii. Para humiling ng pagsasalin, interpretasyon, mga pagbabago, mga akomodasyon, o iba pang dagdag na tulong o serbisyo, makipag-ugnayan sa Koordinador ng Walang Diskriminasyon ng HDOH sa (808) 586-4400 o mag-email: doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov. Mangyaring magbigay ng sapat na oras para matugunan ng HDOH ang mga hinihiling na tulong.

INAPRUBAHAN: _____ **Petsa:** _____
Direktor ng Kalusugan